*Mt. Zion Baptist Missions Philippines – Sermon Notes*
*March 19, 2017 Sun. AM – Missionary Bill Hardecker*

**Title**: Ang Diyos na Di Nagbabago.

**Text**: "For I am the LORD, I change not; therefore ye sons of Jacob are not consumed." (Mal. 3:6)

Translation: Sapagka't ako ang PANGINOON, ako ay hindi nababago, kaya't kayo, mga anak [na lalake] ni Jacob ay hindi napapahamak [malilipol; mamamatay] (Malakias 3:6).

**Panimula**:

1. Ang pinakamataas na agham o karunungan na pwede nating pagaralan ay ang pangalan, at katangian, ang persona, at gawain, at pagkakaroon or pamamalagi ng dakilang Diyos na tinatawag nating Ama.

2. Kung pagaaralin natin ang ibang mga asignatura or paksa, maari tayong mag-isip sa sarili natin na mayroon tayong katapatang-loob na dumaig na tayo sa mgapagaaral ng mga paksa. Pero, kung ang pinaguusapan natin ay ang Dakilang Diyos, lahat po tayo, maari nating isabit ang ating mga ulo sa kahihiya, at magpakumbaba, kasi hindi talaga natin madadaig ang katapusan, o maabot man ang kailaliman ng Panginoon.

3. Sa mensahe nating ngayong umaga ay meroon po tayong tatlong punto: Una: Ang Diyos na Di Nagbabago. Ikalawa: Sino ang mga Makakakinabang sa katangiang ito. At Ikatlo: Ang Pakinabang ng katangian ng Diyos.

**I. Ang Diyos na Di Nagbabago**: "For I am the LORD [Jehovah], I change not;" (v.6a)

A. Hindi siya nagbabago sa kaniyang kakanyahan o hilago. (Exodo 3:14; Awit 90:2)
B. Hindi siya nagbabago sa kaniyang katangian. (Makapangyarihan at Puno ng Karunungan [Awit 147:5]; Kabanalan [Apocalipsis 4:8]; Hustisya; Kabutihan; Katotohanan [Exodo 34:6,7]; Pag-ibig [Jeremias 31:3])
C. Hindi siya nagbabago ng kaniyang plano. (Mga Bilang 23:19; 1 Sam. 15:29)
D. Hindi siya nagbabago sa kaniyang mga pangako. (2 Mga Taga-Corinto 1:20)
E. Hindi siya nagbabago sa kaniyang mga pagbabanta. (Awit 95:11; Hebreo 3:11; 4:3)

**II. Sino ang mga Makakakinabang**?: "ye sons of Jacob…" (v.6b)

A. Sa Bible yun mga anak ni Jacob ay kumakatawan or representative ng mga minamahal ng Diyos. (tingnan ang Malakias 1:2; at Mga-taga Roma 9:13).
B. Si Jacob wala siyang karapatan noong ipinanganak siya, pero nakuha nya ang karangalan, pangako, at biyaya ng Diyos dahil tinanggihan ni Esau ang kanyang pagkapanganay noong ipinagbili niya ang biyaya para sa isang pingang pagkain. (tingnan ang Hebreo 12:16). Ganoon rin tayo. Wala tayong karapatan sa biyaya ng Diyos noong ipinanganak tayo, pero, dumating saatin ang Panginoong Jesus-Cristo, at sa kanya, lahat ng sumasampalataya sa kanya ay ipinagkaloob ng Diyos na maging mga anak ng Diyos (ayon sa Juan 1:12).

**III. Ang Pakinabang ng katangian ng Diyos**: "…are not consumed." (v.6c)

A. Hindi tayo mapapahamak sa impyerno.
B. Hindi tayo mapapahamak sa mundong ito.

**Katapusan**:

1. Ikaw na hindi pa anak ng Diyos, wag gayahin si Esau na tinanggihan niya ang ispirituwal na kalagayan para sa isang pinggang pagkain.

2. Alalahanin mo, anak ng Diyos, na ikaw ay layon ng pag-ibig ng Diyos.